

1

Mabilis ang takbo na ginawa ni Leila Sarmiento. Halos manginig ang kanyang kalamnan sa sobrang takot na kanyang nararamdaman. Abut-abot ang kanyang hininga sa kaba at pagtakbo. Her adrenaline kept pumping, halos hindi siya maubusan ng lakas habang tumatakas. Kung saan-saang makikipot na eskinita na siya nagsuot para lang hindi maabutan ng mga taong humahabol sa kanya. Mabuti na lang ay nakapagkubli siya sa likod ng drum na naroon katabi ng basurahan. Hindi na niya inalintana ang nakakamatay na sangsang na pinasama-samang nabubulok na mga basura.

“Mga gunggong, ang tanga-tanga n’yo! Isang babae lang, nalusutan kayo?” narinig niyang sabi ng isang lalaki na may hawak na baril. Halos hindi siya huminga para hindi lang makalikha ng ingay. Halos makagat niya ang kanyang mga kamay na iniharang niya sa bibig.

Madilim ang bahaging iyon. Bagaman may poste, wala namang ilaw. But her eyes had adjusted already in the darkness, she could see the four men through the piled garbage. Hindi masyadong malinaw ang tingin niya sa mga mukha ng mga ito pero siniguro niyang makikilala niya ang mga ito kung makikita niya sa liwanag.

“Siguraduhin n’yong mahanap n’yo siya. Ang walanghiyang

matanda, sino ang ginagago niya? Kailangan ko ang susi. Kailangan nating hintayin na magising ang matandang iyon. Ang s'abi ko takutin n'yo lang, pero ano ang ginawa n'yo? Halos patayin n'yo 'yung matanda.”

“Eh, Boss, lumalaban eh. Malay ba namin na may sakit pala 'yon sa puso,” sagot ng isa.

“Enough! Hanapin n'yo ang apo. Siya ang ating huling alas. I want her alive. Wala akong pakiaalam kung ano ang gusto n'yong gawin sa kanya, ang mahalaga ay humihinga at nakakapagsalita. Nagkakaintindihan ba tayo?”

Leila shuddered.

“Yes, Boss,” sagot naman ng dalawang lalaki na kausap nito. Mahahalata na nakangisi ang mga ito na parang excited na pagpiyestahan siya.

“Doon kayo, dito kami,” utos ng lider. Ang dalawa na kausap nito ay dumerecho patungo sa isang eskinita, samantalang ito naman kasama ang isa pa ay sa kabilang direksyon naman tumakbo.

Sandali siyang naghintay na makalayo ang mga ito bago tumakbo sa eskinitang hindi pinuntahan ng dalawang grupo.

How she prayed earnestly for her safety. Ang magagawa lang niya sa pagkakataong iyon ay ang tumawag sa Diyos. Hindi niya alam kung ano ang pakay ng mga ito sa kanya. Pero alam na niya

ngayon na ang mga ito ang nanloob sa kanilang bahay noong isang araw at gumawa ng karahasan sa kanyang kaawa-awang abuelo na ngayon ay naka-confine sa hospital at naka-comatose.

Nadatnan niya ito kagabi na walang malay habang ang kanilang bahay ay magulo, lalo na ang silid ng kanyang Lolo Adring. Ang akala ni Leila ay simpleng nilooban lang sila ng mga kawatan, iyon pala ay may higit na motibo doon. At kung ano man iyon ay hindi niya alam.

Itinakbo niya sa ospital ang abuelo. Akala niya ay mamamatay na ito pero naagapan naman. May mga dumating na pulis at nagasagawa ng imbestigasyon at lumalabas na ang motibo ay pagnanakaw dahil tangay ng mga iyon ang wallet ng kanyang lolo. Ang nakakapagtaka, iyon lang ang kinuha ng mga kawatan. Sabagay, wala namang mga mamahaling gamit sila para pagkainteresan. Ang sabi ng isang pulis na nakausap niya ay posibleng pinalo sa batok ang lolo niya dahil na kaya nawalan ito ng ulirat at mamuo ang dugo sa may batok nito. Maaari ring dala rin iyon ng pagsumpong ng alta presyon ng matanda dahil sa panloloob. Ayon sa doktor, kung nahuli sila kahit nang ilang segundo lang, posibleng hindi ito umabot nang buhay sa ospital.

Pagod na si Leila. Kanina pa siya tumatakbo simula nang mag-out siya sa trabaho kung saan siya nagtatrabaho bilang staff ng isang health magazine. Nakaramdam siya ng kakaibang takot at pagkabalisa nang lumabas siya ng gusali. Pakiramdam niya ay may nakatingin sa kanya na hindi niya mawari.

Refuge In His Arms - Cher Reyes

Sinubukan niya iyong di pansinin. Pero nakompirma niyang na may nagmamanman nga sa kanya nang naglalakad na siya pauwi ng bahay. Nakita niya ang dalawang lalaki na sumusunod sa kanya kaya napabilis ang takbo niya at kung saan na siya nagsusuot para lang makatakas. At heto siya ngayon, nanginginig ang kalamnan sa takot at nerbyos.

Napaatras siya nang patawid na siya mula sa eskinita nang makita ang dalawang lalaki na humahabol sa kanya papunta sa direksyong pupuntahan niya. Nagkubli ulit siya sa kanto na iyon na puwesto ng isang maliit na sapatusan.

“Oh God, please help me,” nanginginig na usal niya. Tinanggal niya sa pagkakatali ang buhok at ginulo iyon. Hinubad niya rin ang suot na blazer at ipinatong sa ibabaw ng mesang naroon. Isang puting sleeveless blouse ang naiwan na kanyang suot. Mabuti na lang, naka-slacks siya at hindi mataas ang takong ng kanyang sapatos kaya nakakatakbo siya nang mabilis. Bumilang siya ng sampu bago tumayo at mabilis na tumakbo palayo sa lugar na iyon. Highway na ang tinutumbok niyang direksyon.

Kinakapos na siya ng hininga nang pansamantalang nagpalinga-linga. Medyo marami nang tao na naroon nag-aabang ng mga sasakyan.

Nag-abang siya ng taxi, pero wala siyang makita. Nahagip ng kanyang tingin ang isang kotse na nakaparke sa di-kalayuan. May lumabas na matangkad na lalaki mula sa unahan at umikot

patungo sa passenger's seat na tila may kinukuha. Hihingi siya ng tulong dito. Basta bahala na at mukha namang mabait iyong mama kahit hindi pa niya masyadong nakikita ang mukha nito.

Nahagip ng kanyang tingin ang dalawang lalaki na humahabol sa kanya na palinga-linga sa kabilang kanto. Her body was trembling in fear. Mabilis siyang lumapit sa lalaki na nakayuko, ang ulo nito ay nakapasok sa loob ng sasakyan sa harapan ng passenger's seat.

“E-excuse me po,” garalgal na tawag ni Leila habang sinusuklay-suklay ang buhok para maitago ang mukha. Halos hindi lumabas ang boses niya sa nerbyos.

Hindi natinag ang lalaki kaya kinalabit niya ang likod nito. Agad namang tumayo ang lalaki at humarap sa kanya. Ang mga mata nito ay nagtatanong. “Yes? May problema ba?”

Kahit nasa ganoon siyang kondisyon ay hindi pa rin niya maiwasan ang hindi humahanga sa guwapo nitong mukha. His eyes were dark, but there's so much gentleness emanating from those. His nose was perfect. His face was beautiful for words. Pinoy na Pinoy ang dating nito pero hindi rin niya maipagkakaila na may foreign blood ito dahil sa features ng mukha nito.

Nakakamangha rin ang laki ng bulto ng katawan nito. He was close to six feet tall, had broad shoulders, and his arms were muscled. Para siyang maliit tingnan sa kanyang balingkinitang katawan kumpara rito. Katamtaman lang kasi ang kanyang height

na 5'4”.

Napalunok si Leila. Her hands were trembling, her knees were shaking in fear and tension. “I... I need your help. May, may mga humahabol sa akin. Please, help me.” Gusto na niyang umiyak sa pagmamakaaawa. “They are coming to get and kill me.”

“Hey, hey, take it easy,” mahinahon na anito.

“I... I...” Kinakapos na siya ng hininga kasabay ng mabilis na tambol ng kanyang dibdib.

Nakita niya sa sulok ng mata na palapit sa direksyon nila ang dalawang lalaking humahabol sa kanya. Nanginginig na hinablol ni Leila ang kuwelyo ng kaharap. This desperate circumstance would need a desperate action. She drew his collar closer to her. Ang intension niya ay itago ang mukha sa leeg nito pero naalarmang gumalaw ito at nagtama ang mga labi nila.

Naramdaman ng dalaga ang mabilis na pagkilos ng mga bisig ng estranghero para yumakap sa kanyang maliit na likuran. This time, she felt a different sensation over her body. Lalong nanginginig ang kanyang mga tuhod at halos kapusin siya ng hininga. Para siyang tuod na hindi makagalaw.

Mabilis niya itong naitulak nang lumampas ang dalawang lalaki na humahabol sa kanya. Halos patakpong lumampas ang dalawa palayo sa kanila na hindi man lang sila tinapunan ng tingin.

“Ouch,” anang kaharap nang halos humampas ang likod nito sa sasakyan.

“Ano’ng ginawa mo?” pabulong at pigil ang galit na untag niya habang sinasalubong ang tingin ng lalaki.

“I didn’t do anything.” Parang gusto nitong matawa sa expression na iyon habang nakataas ang mga kamay. His eyes were full of amusement. “It was you who kissed me.”

Gusto na niya itong sampalin dahil sa inis at pagkapahiya kung hindi lang siya humihingi ng pabor dito. “Excuse me, wala akong intensyong halikan ka. Gusto ko lang magtago sa leeg mo para kunwari *ano* tayo...” Her voice trailed off, at a loss for words. Hindi niya maiderecho ang gusto niyang sabihin dahil naasiwa siya at nahihya. Feeling kasi ni Leila, pinagtatawanan siya nito at iniisahan.

“Ano?” amused na untag nito.

Nakita niya sa sulok ng kanyang mga mata na biglang huminto ang dalawang lalaki at lumingon sa kanila kaya agad niyang itinagilid ang mukha para likod lang ang makikita ng mga ito.

“Please hindi ako nakikipagbiruan. Nakatingin sila sa atin. Ilayo mo lang ako sa lugar na ito,” pakiusap ng dalaga.

“Just pretend na mag-boyfriend tayo. I’ll kiss you on your check then, I’ll let you get inside the car and we will go. Deal?”

Mabilis siyang tumango. At ganoon nga ang ginawa nila.

Kahit banayad lamang na sumayad ang labi ng lalaki sa kanyang pisngi, hindi pa rin niya maiwasan ang hindi manginig sa kakaibang init na hatid niyon sa kanya.

Kalmadong binuhay nito ang makina at pinaandar iyon habang tinitingnan ang side mirror.

Tumagilid si Leila at ibinaling ang ulo sa tinted na bintana ng sasakyan at ikinubli ang mukha sa kanyang buhok nang makita ang dalawa sa humahabol sa kanya. Naglalakad ang mga ito pasalubong sa sasakyan nila at palinga-linga. Nakita niyang tumingin pa nga ito sa kotse at tila inaarok ang nasa loob. Lalo siyang nagsumiksik sa gilid ng upuan, yumuko at pumikit.

She had never been this terrified.

“Relax,” narinig niyang anang lalaki. Kalmado pa rin ito na tila ba hindi ito naaalarma. “I guess those two guys were also looking for you. But don’t worry, malayo na tayo sa kanila.”

Nag-angat si Leila ng mukha, tumingin sa paligid bago ito tiningnan habang nagmamaneho. Malayo na sila at palabas na ng Pasay patungong South Luzon Expressway. Doon lang siya nakahinga nang maluwag. Pero ramdam pa rin niya ang mabilis na kabog ng kanyang dibdib. Hindi niya maiwasan ang mapahagulgol matapos ang nangyari sa kanya. Pakiramdam niya ay nanghihina siya, nanlalambot.

“Everything’s gonna be okay, I assure you,” malumanay na sabi ng katabi. Naramdaman niya ang mainit nitong palad na dumantay sa kanyang balikat at marahang pinisil iyon.

Marahan niyang pinahid ang luha hanggang sa humupa ang kanyang emosyon. Panatag siyang sumandal ngunit ang kanyang isip ay nakalutang pa rin.

And then she closed her eyes.

Naalimpungatan si Leila nang bahagyang yugyugin ang kanyang balikat. Muli siyang naalarma na tila nanganganib ang kanyang buhay. Pero saglit lang iyon dahil nang makita niya ang mukha ng kanyang driver ay bigla siyang napanatag. Just a mere look on his face could give her a sense of security and comfort. Iba ang dating nito sa kanya. There was so much peace in him.

Nakaramdaman siya ng kapanatagan. Hindi niya namalayan na nakaidlip pala siya sa biyahe dahil na rin sa pagod at tensyon na kanyang naramdaman.

“Are you okay?” Nasa mukha ng estranghero ang pag-aalala.

“Nasaan na tayo?” tanong niya saka nagpalinga-linga. Nakahinto na ang kanilang sasakyan kaya hindi niya alam kung nasaan sila.

“At my pad,” simpleng sagot nito saka pinatay ang makina. “Let’s go.” Binuksan ang pintuan ng kotse at lumabas.

Bantulot na sumunod si Leila. Mahigpit na hawak ang kanyang bag, lumabas siya ng sasakyan.

Nasa tapat sila ng isang two-storey building na halos puro salamin ang dingding. Modern ang pagkakagawa niyon.

“Ano nga pala ang itatawag ko sa ’yo?” anitong biglang huminto sa tapat ng pintuan at lumingon sa kanya.

“Leila. Leila Sarmiento,” aniyang nakaramdam ng hiya sa sarili. “P-pasensya na k-kung nadamay ka sa akin.” Hindi siya makatingin sa kausap.

“Dexter Ortega,” anito bago binuksan ang lock ng pinto.

Sumunod siya rito. Napasinghap siya nang makita ang orasang nakakabit sa dingding nang buksan nito ang ilaw pagpasok nila ng bahay.

“One-fifteen ng umaga?” hindi makapaniwalang aniya. Ang alam niya, mga alas onse sila umalis ng Pasay kung saan sila nagkita. Nasaang lupalop ba sila? Laguna? Cavite? “N-nasaan tayo?”

“Batangas.”

“Batangas?” ulit niya.

“Yup. I know this is a good place for you to hide. This is really where I stay usually. May bahay din kami sa Manila, pero mas gusto ko dito. Malapit tayo actually sa dagat.”

“Mag-isa ka lang dito?” curious niyang tanong.

“Yup. But don’t worry harmless ako,” he teased.

Hindi niya maiwasan ang hindi pamulahan ng mukha lalo na nang maalala ang nangyari kanina bago sila sumakay ng kotse nito.

“Just feel at home,” ani Dexter na dumerecho na ng kusina.

Malaya niyang inikot ang tingin sa interior ng fully furnished na bahay. Maluwang ang living room. Tanaw niya ang katamtamang laki ng dining area at ang papuntang kusina. May isang kuwarto na naroon kanugnog ng dining area at isang comfort room katabi nito.

Mayamaya ay lumitaw ulit ang lalaki sa may living room, bitbit ang dalawang baso ng malamig na tubig. “Are you hungry? Puwede akong magluto.”

“H-hindi na, thank you.”

“Are you sure? Here, take this.” Inabot nito ang baso sa kanya habang ang isa ay ininom nito.

Tinanggap iyon ni Leila dahil pakiramdam niya ay biglang nanuyo ang kanyang lalamunan. “Salamat.” Sinaid niya ang laman niyon saka ibinalik sa lalaki.

“How about snacks like sandwhich?”

Umiling siya.

Ipinatong ni Dexter ang mga baso sa ibabaw ng salamin na center table. “I’m sure you are very tired. Come here, I will show you your room para makapagpahinga ka na.”

Nauna itong pumanhik sa hagdanan at sumunod siya rito. Mayroong apat na kuwarta sa taas, tig-dalawa sa magkabilang side at sa pagitan ay ang hallway na marahil ay patungo sa terrace. He led her to the second door on the left wing from the stairway and opened it for her. Malapit iyon sa terrace.

“Well-maintained naman ito kaya wala kang dapat ikabahala. Kumpleto ’yan sa gamit, except for the clothes. I’ll bring you some of my clothes na puwede mong gamitin for the meantime. Bukas, puwede kitang samahang bumili ng gamit mo.”

“H-huwag na. Huwag ka nang mag-abala,” pigil niya sa binata. “Puwede na akong matulog kung ano ang suot ko ngayon. This is too much.”

Umiling ito. “You won’t be comfortable with that.” Inginuso nito ang damit niya. “Unless gusto mong matulog nang walang damit. Okay din lang naman dahil wala namang sisilip sa ’yo,” tukso nito. “Isa pa, iba na ang amoy ng damit mo. Parang nagtago ka yata sa ilalim ng mga basurahan.” Bumalik ang kaseryosohan sa boses nito.

“S-sorry,” nahihiya niyang sabi, habang sinisinghot ang amoy ng sariling damit. Hindi na niya iyon alintana. “Oo nga.”

Sigurado si Leila, nagtiis ito sa masangang amoy na

kumapit na sa kanya. Lalo na siguro kung hindi niya hinubad ang suot niyang blazer kanina.

“I’ll be back,” paalam ni Dexter saka lumabas ng silid.

Mayamaya lang ay bumalik ito at kumatok sa pinto. May dala itong katamtamang luwag na mga t-shirts at shorts nito na puwede niyang gamitin.

“Pagpasensyahan mo na ito. It’s all that I can offer for now.”

She blushed. “Salamat.”

“You can freshen up now. Good night—I mean, good morning,” natatawa nitong paalam. “If there’s anything else you need, next door lang ako. Kumatok ka lang.”

Tumango siya. “S-salamat ha.”

“Forget it,” kibit-balikat na anito at tumalikod na.